## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang mas magtiwala kay Jesus (hal., trabaho, relasyon, o mga desisyon)? Paano mo ito maisusuko sa Kanyang kapangyarihan at paano ka makakatugon nang may pananampalataya at debosyon sa Kanya?
- Magulo ang mundo natin ngayon. Ano ang isang paraan upang ipaalala sa sarili mo araw-araw na si Jesus ang may kontrol, makapangyarihan, at nagpapanatili ng lahat?
- Ikaw ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos at tinawag upang maipakita Siya sa iba. Paano mo mas malinaw na maipapakita si Jesus sa araw-araw mong pamumuhay? Kanino mo maibabahagi ang katotohanan tungkol kay Jesus ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapakilala Niya ng Kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus—ang ating Tagapaglikha, tagapangalaga, at Tagapagligtas—at sa pag-asang mayroon tayo sa Kanya. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng pananampalatayang maniwala na Siya ang may kontrol, kahit pa iba ang nakikita mo sa paligid.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang magtiwala kay Jesus araw-araw, ang Tagapaglikha at tagapangalaga ng sanlibutan. Ipanalangin na manalig ka sa Kanyang kapangyarihan sa bawat sitwasyon.
- Sa panahon kung kailan ang lahat ay parang may kani-kaniyang "katotohanan," hingin sa Diyos ang tapang na manindigan at ipahayag ang Kanyang salita. Ipanalangin na magkaroon ka ng pusong may pagmamahal sa kapwa at lakas ng loob na ipaliwanag kung bakit si Jesus ang laging mas nakahihigit sa lahat.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Jasmine Villegas

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# JESUS > Mas Dakila: Ano ang Dahilan Kung Bakit Mas Dakila si Jesus?

WEEK 1

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang bagay na ginagamit mo lang tuwing may espesyal na okasyon o tiyak na layunin. Bakit ito espesyal para sa 'yo?
- Ano ang isang bagay na araw-araw mong inaasahan? Bakit ito mahalaga sa 'yo?
- Sa palagay mo, paano lumago ang iyong pagkatao sa nakalipas na limang taon? Ibahagi ang isa o dalawang bagay na natutunan mo na mahalaga sa kung sino ka ngayon.

## WORD

*1 Noong una, nangusap ang Dios sa mga ninuno natin sa iba't*
*ibang panahon at paraan sa pamamagitan ng mga propeta.*
*2 Ngunit nitong mga huling araw, nangusap siya sa atin sa*
*pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan niya,*
*nilikha ng Dios ang sanlibutan, at siya rin ang pinili niyang*
*magmay-ari ng lahat ng bagay. 3 Sa kanya makikita ang*
*nagniningning na kadakilaan ng Dios, at kung ano ang Dios*
*ay ganoon din siya. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa*
*mundo sa pamamagitan ng makapangyarihan niyang salita.*
*Matapos niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo*
*siya sa kanan ng Makapangyarihang Dios doon sa langit.*
*4 Kaya naging mas dakila ang Anak ng Dios kaysa sa mga*
*anghel at higit na dakila ang pangalan niya kaysa sa kanila.*

**HEBREO 1:1–4**

Isinulat ang aklat ng Hebreo para sa mga Kristiyanong nangangailangan ng pag-asa para sa kinabukasan. Kailangan nilang magtiwala na ang kanilang pagdurusa at ang pang-uusig sa kanila ay magbubunga ng walang hanggang gantimpala. Marahil ay natukso silang bumalik sa dati nilang mga relihiyosong kaugalian. Bagamat mataas ang paggalang nila sa mga anghel, mga propeta, at sa Kautusan, maaaring hindi lubos na naunawaan ng ilan kung para saan inilaan ng Diyos ang mga ito. Ipinaalala ng sumulat ng Hebreo na may Isa na higit na dakila kaysa sa lahat ng ito: si Jesus.

Sa buhay natin ngayon, titingnan natin kung bakit mas mabuting piliin si Jesus. Higit sa sinuman, anumang relihiyon, o pananaw sa buhay, mas dakila si Jesus dahil Siya ang Anak ng Diyos at tagapagmana ng lahat, ang Tagapaglikha at tagapagpanatili ng sanlibutan, at ang ganap na larawan ng Diyos.

## 1 Si Jesus ay Anak ng Diyos at tagapagmana.

*Ngunit nitong mga huling araw, nangusap siya sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan niya, nilikha ng Dios ang sanlibutan, at siya rin ang pinili niyang magmay-ari ng lahat ng bagay.* **HEBREO 1:2**

Sa atin ngayon, walang kapangyarihan ang isang tagapagmana hangga't buhay pa ang nauna sa kanya at hindi pa naipapasa ang pamana. Pero noong isinulat ang aklat ng Hebreo, ang tagapagmana ay maaaring tumulong sa pamumuno at makibahagi sa kapangyarihang hawak ng pinuno. Naiiba si Jesus sa lahat ng tao dahil may natatangi Siyang ugnayan sa Diyos: Siya ay Anak at Tagapagmana. Si Jesus mismo ay may kataastaasang kapangyarihan. Wala na tayong dapat na hanapin pa kundi Siya. Ayon sa talatang ito, ano ang minana ni Jesus? Paano nito mababago ang pananaw natin sa Kanya at sa ating sarili?

## 2 Si Jesus ang Tagapaglikha at nagpapanatili ng sanlibutan.

*[2]. . . siya rin ang pinili niyang magmay-ari ng lahat ng bagay. [3]. . . Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa mundo sa pamamagitan ng makapangyarihan niyang salita.* **HEBREO 1:2–3**

Si Jesus lamang ang dapat nating piliin dahil Siya ang pinakadakilang tagapagbigay ng buhay. *Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng makapangyarihan niyang salita.* Higit pa ang kapangyarihan Niya sa kaya nating isipin. Sinuman o anuman ang sinasandalan natin para sa pag-asa at lakas ng loob ay isang nilikha lamang. Wala nang iba pang mas magandang piliin kundi ang umasa sa ating Tagapaglikha. Batay sa talatang ito, gaano kalakas ang kapangyarihan ni Jesus? Bakit mo ito nasabi?

## 3 Si Jesus ang perpektong imahe ng Diyos.

*[3]Sa kanya makikita ang nagniningning na kadakilaan ng Dios, at kung ano ang Dios ay ganoon din siya. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa mundo sa pamamagitan ng makapangyarihan niyang salita. Matapos niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo siya sa kanan ng Makapangyarihang Dios doon sa langit. [4]Kaya naging mas dakila ang Anak ng Dios kaysa sa mga anghel at higit na dakila ang pangalan niya kaysa sa kanila.* **HEBREO 1:3–4**

Higit si Jesus sa lahat dahil Siya ang ganap na kinatawan ng Diyos *at kung ano ang Diyos ay ganoon din siya.* Lubos at perpekto Niyang naisasalamin ang Ama. Ibig sabihin, nasa posisyon Siya ng kapangyarihan at nakakahigit sa sinuman. Higit Siya sa sangkatauhan, mga propeta, at mga anghel. Ang mas nakakamangha pa rito ay nilikha rin tayo ayon sa wangis ng Diyos, bagamat hindi tayo ganap na larawan ng Diyos. Paano ka namumuhay ngayong alam mong dala-dala mo ang imahe ng Diyos at ikaw ang Kanyang bakas sa mundo?

Si Jesus ang nangingibabaw sa lahat ng nilikha, karapat-dapat tumanggap ng pagsamba, at katuparan ng planong pagtubos ng Diyos. Kapag naunawaan natin na Siya ay higit pa sa lahat ng ibang pagpipilian, pananampalataya at debosyon lamang ang nararapat na tugon.